

## Pagbabakuna para sa Monkeypox (hMPXV) sa New Jersey

Ang bakuna para sa human monkeypox (hMPXV) virus ay tinatawag na JYNNEOS. Sa New Jersey, **posibleng maging kwalipikadong magbabakuna ang mga sumusunod na tao:**



Mga taong nagkaroon ng nalaman na kontak sa isang taong nasuring positibo sa orthopoxvirus o monkeypox (hMPXV) virus sa loob ng nakalipas na 14 na araw

**(Kontakin ang iyong lokal na kagawaran ng kalusugan para i-coordinate ang pagbabakuna)**

- Bakla, bisexual, at iba pang mga lalaki na nakikipagtalik sa mga lalaki, transgendero nonbinary na mga tao na sa nakalipas na 6 na buwan ay nagkaroon ng:



- Bagong diyagnosis ng isa o mahigit pa sa maaaring i-report sa bansa na mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (iyon ay, malubhang HIV, chancorid, chlamydia, gonorrhea, o syphilis)
- Mahigit sa isa ang partner sa pakikipagtalik

- Mga taong nagkaroon ng alinman sa mga sumusunod sa nakalipas na 6 na buwan:

- Pakikipagtalik sa isang komersyal na lugar sa pakikipagtalik
- Pakikipagtalik sa malaking pampublikong kaganapan sa heograpikong lugar kung saan nangyayari ang pagpapasa ng monkeypox (hMPXV)

- Mga sekswal na partner ng mga tao na may mga panganib na nasa itaas

- Mga taong inaasahang makakaranas ng mga panganib na nasa itaas

**Pumunta sa isang lokasyon para sa bakuna (i-scan ang QR code na nasa likod para sa pinakamalapit na lugar para sa pagbabakuna)**

Mga tao na kabilang sa ilang partikular na mga grupo ng na-eexpose sa panganib sa trabaho tulad ng:



- Mga tauhan sa laboratoryo para sa pananaliksik na nagtatrabaho sa mga orthopoxvirus
- Mga tauhan sa klinikal na laboratoryo na nagsasagawa ng diyagnostikong pagsusuri para sa mga orthopoxvirus
- Mga pangkat na tumutugon sa orthopoxvirus at manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na itinalaga ng naaangkop na mga awtoridad sa kalusugan ng publiko at laban sa terorismo

**(Kumonsulta sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan)**


Nakatanggap ang Kagawaran ng Kalusugan ng NJ ng mga bakuna para sa monkeypox (hMPXV) mula sa pederal na pamahalaan at ibinigay ang mga ito sa mga kwalipikadong tao nang walang bayad.

Ang mga kasalukuyang pagsusumikap sa pagbabakuna ay nakatuon sa di-proporsyonal na apektadong grupo, kabilang ang bakla at bisexual na mga lalaki, at iba pang mga lalaki na nakikipagtalik sa mga lalaki. **Ito ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon.**

**Manatiling may nalalaman sa kung paano magiging kwalipikado at mga lokasyon. Bisitahin ang <https://bit.ly/njmpx> o i-scan ang QR code:**



**NJ Health**  
New Jersey Department of Health



**VIRUS SA TAO NA MONKEYPOX (hMPXV)**  
Ano ang Kailangan Mong Malaman

Ang human monkeypox, na tinatawag na hMPXV, ay isang impeksyon na dulot ng virus. Ang mga sintomas ay maaaring hindi malubha, ngunit sa ilang mga kaso ay maaaring maging mas malubha at mangailangan ng pagkakaospital.

Narito ang kailangan mong malaman para manatiling ligtas at maiwasan ang pagkalat ng impeksyong ito.


### Ano ang mga sintomas ng monkeypox (hMPXV)?



Maaaring kabilang sa mga sintomas ang:

- Mga pantal, bukol, o paltos na maaaring nasa o sa paligid ng ari o iba pang bahagi (gaya ng mga kamay, paa, mukha, o dibdib)
- Ang mga ito ay maaaring kapareho ng mga karaniwang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik o iba pang mga pantal sa balat tulad ng shingles o poison ivy

- Maaaring mangyari ang mga sintomas na tulad ng sa trangkaso bago ang pantal gaya ng lagnat, pananakit ng ulo at katawan, namamaga na mga lymph node, at panginginginig



### Paano kumakalat ang monkeypox (hMPXV)?

Ang monkeypox (hMPXV) ay kumakalat sa pamamagitan ng malapit, pisikal na kontak sa mga tao, kabilang ang:



Direktang kontak sa mga pantal ng monkeypox (hMPXV)



Ang mucus o laway (dura) sa panahon ng matagal, harapang kontak o intimate na pisikal na kontak, gaya ng paghalik, pagyakap, o pakikipagtalik



Ang paghawak sa mga bagay na ginagamit ng isang taong may monkeypox (hMPXV) gaya ng mga tuwalya, mga kumot sa kama, at damit

Maaaring kumalat ang monkeypox (hMPXV) mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang ganap na gumaling ang pantal at magkaroon ng bagong layer ng balat.

### Paano maiiwasan ang monkeypox (hMPXV)?



Tanungin ang iyong mga sexual partner kung mayroon silang pantal o iba pang sintomas ng monkeypox (hMPXV)



Iwasan ang skin-to-skin na kontak sa isang taong may pantal o iba pang sintomas ng monkeypox (hMPXV)



Iwasang madikit sa mga materyales gaya ng kumot, mga tuwalya, damit, o iba pang bagay na ginagamit ng taong may ganitong virus



Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig, o gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer pagkatapos magkaroon ng kontak sa mga taong nahawaan nito

### Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong mga sintomas o kung sa tingin kong maaaring mayroon akong monkeypox (hMPXV)?

Kung mayroon kang anumang mga sintomas ng monkeypox (hMPXV), makipag-ugnayan kaagad sa iyong **provider ng pangangalagang pangkalusugan, urgent care center, o ospital**


- Tumawag ka muna bago pumunta upang maging handa sila na ihiwalay ka sa ibang tao
- Siguraduhing magsuot ng mask at takpan ang mga sugat hangga't maaari
- Ipaalam sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung nagbiyahe ka kamakailan, nagkaroon ng kontak sa isang taong may katulad na pantal o sa isang tao na nasuri na may monkeypox (hMPXV)
- Magpsuri kung ito ay inirerekomenda ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan; kasama sa pagsusuri ang pagkolekta ng mga swab ng pantal
- Mag-isolate sa bahay habang nakabinbin ang mga resulta ng pagsusuri



### Ano ang gagawin kung nasuri kang positibo?

- ✓ Mag-isolate hanggang sa gumaling ang lahat ng sugat, natanggal ang mga langib, at nagkaroon ng bagong layer ng intact na balat (karaniwan ay 2-4 na linggo).
- ✓ Manatili sa bahay maliban kung kinakailangan para sa mga emergency o follow-up sa pangangailangang medikal.
- ✓ Kung maaari, gumamit ng hiwalay na banyo kung may iba pang nakatira sa iisang sambahayan.
- ✓ Magsuot ng may sukat na sukat na mask o respirator kung kailangan mong makasama ang ibang tao sa bahay.
- ✓ Regular na linisin at disimpektahin ang mga pangkaraniwang nahahawakan na ibabaw gamit ang disinfectant na nakarehistro sa Ahensya sa Pangkapaligirang Proteksyon (EPA).
- ✓ Maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig at gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% na alkohol.
- ✗ Umiwas mula sa lahat ng sekswal na aktibidad.
- ✗ Iwasan ang malapitang kontak sa ibang tao at mga alagang hayop sa bahay.
- ✗ Iwasan ang paggamit ng mga contact lens upang maiwasan ang impeksyon sa mata.
- ✗ Iwasan ang pag-ahit sa mga bahagi ng katawan na may paltos o sugat upang maiwasan ang pagkalat ng virus.

### Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin kong nalantad ako sa monkeypox (hMPXV)?



Makipag-ugnayan kaagad sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan



Magpabakuna kung inirerekomenda ng opisyal ng kalusugan ng publiko



Subaybayan ang mga sintomas sa loob ng 21 araw